Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# MAPEH - ARTS

**Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writers:** | Annieflor R. Fajilagmago |
| **Illustrators:** | Annieflor R. Fajilagmago |
| **Layout Design Editor:** | Dr. Normina B. Hadji Yunnos |
| **Content Editors:** | Pedro D. Gloriani |
| **Management Team:** | Dr. Malcom S. Garma, Regional Director - NCR<br>Loreta B. Torrecampo, CESO V, SDS - SDO Pasay City<br>Dr. Arturo A. Tolentino , OIC ASDS- Pasay City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR<br>Librado F. Torres, CID Chief SDO-Pasay City<br>Dr. Marita D. Aquino, Regional EPS - MAPEH<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS – NCR<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Mr. Pedro D. Gloriani , EPS-MAPEH – SDO Pasay City<br>Dr. Normina B. Hadji Yunnos, EPS-LRMS - SDO Pasay City |

(Pagmamay-ari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

**Inaasahan**

Follows the step-by-step process of creating a print.

1. Sketching the areas to be carved out and areas that will remain.
2. Carving the image on the rubber or wood using sharp cutting tools.
3. Preliminary rubbing
4. Final ink of the plate with printing ink
5. Placing paper over the plate, rubbing the back of the paper.
6. Impressing the print
7. Repeating the process to get several editions of the print.

**Unang Pagsubok**
Magbigay ng dalawang (2) kagamitan na ginagamit sa pag-uukit.

1. ______________________
2. ______________________

**Balik-tanaw**
Ibigay ang tamang sagot sa pangungusap.

1. Ang ____________ ay inilalarawan bilang kalahating tao at kalahating isda
2. Sila ay kilala bilang tagapangalaga ng kalikasan. Sila ay nagtataglay ng pambihirang kagandahan, _____________ ang tawag sa kanila.

**Maikling Pagpapakilala ng Aralin**

Pag-uukit – ay isang uri ng paglilimbag na ginagamitan ng mga kagamitang pang-ukit. Maari itong gamitin sa pag-uukit sa malambot na kahoy, goma ng sapatos at iba pang ginagamit sa pag-uukit. Ito ay ginagamit upang lalo pang mapaganda ang disenyo ng isang bagay. Ang mga disenyong gawa sa kahoy, rubber, linoleum ay ginagamitan ng balangkas upang makabuo ng likhang sining. Ito ay nagiging napakaganda o kaakit-akit sa paningin ng nakakakita. Malalaki at maliliit na hugis ang pinagsama upang makabuo ng kakaibang disenyo gamit ang mga kagamitang pang-ukit. Mahalaga na matutunan ang kahalagahan ng mga kagamitan at gamit nito sa pagsunod sa mga hakbang kung paano ito gamitin sa gagawing larawan.

Narito ang mga hakbang na dapat sundin sa pag-uukit:

<u>Hakbang sa Paggawa</u>

1. Ihanda ang mga kagamitan.
2. Iguhit ang larawan na gagamitin
3. Sa gabay ng inyong mga magulang o mas nakatatanda, hiwain ang disenyong iginuhit gamit ang cutter/gunting. Siguraduhing magsasagawa ng pag-iingat sa paghawak at paggamit ng cutter.
4. Pintahan ng nais na kulay ang ibabaw ng disenyo gamit ang tinta o pintura. Maaari rin naman gumamit ng stamp pad.
5. Ilipat ang disenyo sa isang papel ng paulit- ulit. Gumamit ng iba't ibang kulay upang maging mas maganda ang inilimbag.

**Gawain**
<u>Mga Kagamitan</u>

- Lumang diyaryo

- Cutter / Gunting
- Bond Paper
- Lapis
- Tinta/Pintura o Stamp pad
- Paint brush
- Rubber

Kung walang mahanap na rubber ay maaaring gumamit ng malaking patatas o kamoteng hiniwa sa gitna o makapal na karton.



**Tandaan:**

Sa pagbuo ng isang likhang sining gumagamit tayo ng balangkas upang makatiyak na maayos ang kalalabasan ng isang obra. Gumagamit tayo ng maliit at malaking hugis ,kulay na siyang nagbibigay ng buhay sa ating likhang sining

**Pag-alam sa Natutuhan**

**PANUTO:**_ Lagyan ng bilang 2,3 at 5 kung ito ba ay naksusunod sa pamantayan sa pagbuo ng likhang-sining.

_______ 1. Ang larawan ay nabuo sa pamamagitan ng pagguhit at paggupit.
_______ 2. Nakasunod sa mga panutong binigay sa paglilimbag ng larawan.
_______ 3. Gumamit ng angkop na kagamitan para sa proseso.
_______ 4. Malinaw at angkop ang paksa ng larawan.
_______ 5. Maayos at malinis ang pagkakagawa ng paglilimbag.

**Pangwakas na Pagsusulit**

**PANUTO:**_ Isulat ang tamang sagot sa bawat pangungusap.
_______________ 1. Sa paglilimbag, anong ginagamit upang mapaganda at magkaroon ng buhay ang iyong nilimbag?
_______________ 2. Upang magkaroon ng hugis ang iyong gagamiting larawan, anong gamit ang kailangang gamitin?
_______________ 3. Upang dumikit ng maayos ang pintura sa bond paper, anong dapat mong gawin?
________________4. Anong unang gagawin, bago hiwain o ukitan ang larawang iyong ililimbag?
________________ 5. Ito ay uri ng paglilimbag na ginagamitan ng mga kagamitang pang-ukit.

(Pagmamay-ari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.) 

**Susi sa Pagwawasto**

**Unang Pagsubok**

Pumili ng dalawa (2) na sagot

1. Gunting/cutter
2. Pintura
3. Lapis
4. brush
5. Papel
6. Rubber

**Balik-tanaw**

1. Sirena
2. Diwata

**Pag-alam sa Natutuhan**

Panuto: Lagyan ng bilang 2,3 at 5 kung ito ba ay nakasusunod sa pamantayan sa pagbuo ng likhang-sining.

___5__ 1. Ang larawan ay nabuo sa pamamagitan ng pagguhit at pag-ukit.
___5__ 2. Nakasunod sa mga panutong binigay sa pag-uukit ng larawan.
___5__ 3. Gumamit ng angkop na kagamitan para sa proseso.
___5__ 4. Malinaw at angkop ang paksa ng larawan.
___5__ 5. Maayos at malinis ang pagkakagawa ng pag-uukit.

Puntos: **25**

**Pangwakas na Pagsusulit**

1. Pintura
2. Cutter/gunting
3. Idiin
4. Gumuhit ng disenyo
5. Pag-uukit

## Sanggunian:

Halinang Umawit at Gumuhit, Hazel P. Copiaco, Emilio S. Jacinto Jr., Guide to the Philippines